

Available na Ngayon ang Tulong ng FEMA para Tulungan ang mga Nakaligtas sa Hurricane Nicole na Magsimula sa Kanilang Pagbangon

Release Date: December 15, 2022

BRANDON, Fla. – Ang mga may-ari at nangungupahan sa Brevard, Flagler, Lake, Putnam, St. Johns o mga county ng Volusia na naapektuhan ng Hurricane Nicole ay magiging karapat-dapat na ngayong mag-apply para sa tulong sa kalamidad ng FEMA dahil sa pag-apruba ni Pangulong Joseph R. Biden sa kahilingan ng Estado ng Florida para sa malaking deklarasyon ng kalamidad.

Inanunsyo ng FEMA na ang karagdagang tulong ay ginawang available upang madagdagan ang mga pagsisikap ng estado, tribo at lokal na pagbangon sa mga lugar na apektado ng Hurricane Nicole sa panahon ng Nob. 7-30, 2022. Tulong para sa mga gastos sa Kategoriya G, partikular para sa mga nasirang engineered beaches at ang mga gastos sa pagpapanumbalik sa kanila, ay ginawang available sa Brevard, Duval, Flagler, Indian River, Martin, Nassau, Palm Beach, St. Johns, St. Lucie at Volusia na mga counties. Available din ang Public Assistance para sa emerhensiya na trabaho at ang pagkukumpuni o pagpapalit ng mga pasilidad na napinsala ng kalamidad para sa mga county na ito. Ang pederal na pagpopondo ay available din sa isang cost-sharing na batayan para sa mga hakbang sa pagbabawas ng panganib sa buong estado.

Mga Nakaligtas sa Hurricane Nicole, Alamin Kung Paano Mag-apply para sa Tulong sa FEMA:

Ang FEMA ay patuloy na makikipagtulungan sa estado ng Florida upang tulungan ang mga Floridians na apektado ng Hurricane Nicole at matiyak na mayroon silang mga mapagkukunan na kailangan nila upang simulan ang kanilang daan patungo sa pagbangon.



FEMA

Page 1 of 3

Ang mga nakaligtas ay maaaring mag-apply online sa disasterassistance.gov, gamitin ang [FEMA mobile app](#) o tumawag sa 800-621-3362. Bukas ang hotline, at available ang tulong mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, gaya ng video relay (VRS), teleponong may caption o iba pang serbisyo, maaari mong ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon para makatanggap ng tulong. Para mas mabuting matulungan ang mga nakaligtas sa mga pangangailangan sa accessibility, bumuo ang FEMA ng isang naa-access na bidyo tungkol sa kung paano mag-apply at ito ay available dito: [Three Ways to Register for FEMA Disaster Assistance - YouTube](#).

Ang ilang pamilyang naapektuhan ng parehong Hurricanes Ian at Nicole ay maaaring kailanganing mag-apply para sa tulong sa kalamidad nang dalawang beses kung nakaranas sila ng pinsala mula sa parehong bagyo. Ang pinsalang dulot ng maraming sakuna ay hiwalay ang pagsasaayos batay sa kung aling bagyo ang nagdulot nito, kahit na ang parehong ari-arian ay nasira.

Kapag gumagawa ka ng iyong aplikasyon, dapat mong ibigay ang:

- Ang iyong kasalukuyang numero ng telepono kung saan maaari kang makontak.
- Ang iyong kasalukuyang address at ang iyong address sa oras ng kalamidad..
- Ang iyong numero ng Social Security.
- Pangkalahatang paglalarawan ng pinsala at mga nawala dulot ng sakuna.
- Impormasyon sa pagbabangko, kung kwalipikado ka para sa tulong sa sakuna at kung gusto mong makatanggap ng mga pondong direktang idineposito sa iyong bank account.
- Kung naka-insured, ang mga uri ng insurance na mayroon ka, at kapag available, ang numero ng policy o ang ahente at/o ang pangalan ng kumpanya.

Ano ang gagawin kung mayroon kang insurance:

Kung mayroon kang insurance para sa pagmamay-ari ng bahay, umuupa o sa baha, dapat kang maghain ng claim sa lalong madaling panahon. Bagama't hindi maaaring madoble ng FEMA ang mga benepisyo para sa mga pagkawala na sakop ng insurance, kung hindi saklaw ng iyong policy ang lahat ng iyong mga gastos sa sakuna, maaari kang maging karapat-dapat para sa tulong ng pederal.



FEMA

Page 2 of 3

Idokumento ang pinsala at simulan ang paglilinis at pag-aayos upang maiwasan ang karagdagang pinsala. Tandaan na panatilihin ang mga resibo mula sa lahat ng mga pagbili na nauugnay sa paglilinis at pagkukumpuni.

Maaaring kabilang sa tulong sa kalamidad ang tulong pinansyal sa pansamantalang tuluyan at pagpapaayos ng bahay, gayundin ang iba pang mga gastos na nauugnay sa kalamidad.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Hurricane Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info. I-follow ang [FEMA Region 4 \(@femaregion4\)](https://www.fema.gov/region4) / [Twitter](https://www.facebook.com/fema)) at sa [facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema).

###

Ang misyon ng FEMA ay tulungan ang mga tao bago pa, habang nangyayari, at pagkatapos ng mga sakuna.

Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ipagkakaloob nang walang diskriminasyon sa mga batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na pangliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nilalabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Civil Rights Resource sa 833-285-7448.



FEMA

Page 3 of 3